# Huwag mong Bigyan ang Dyablo ng isang Panghahawakan

"Ni bigyan daan man ang diablo." (Epeso 4:7)

Nakakita ka na ba kung paanong ang isang lalaki ay nakasakay sa isang kabayo? Naglalagay sila ng upuan sa likuran ng kabayo at sa huli ang upuan ay mayroong tuntungan na may isang hawakan ng paa na ang mangangabayo ay maaring ilagay ang kanyang paa dito at tumalon sa likod ng kabayo.

Nakakita ka na ba ng isang lalaki kung paano umakyat sa isang mataas na pader? Siya ay gagamit ng maliit na palawit o ng maliit na guwang na puwang sa dingding upang ilagay at patatagin ang kanyang mga paa at umakyat sa pader. Itong mga pinanghahawakan at tuntungan ay ang maliit na sukat at ito ay hindi maaaring maging mahalaga sa iba na tinitingnan ang mataas na pader o sa malaking kabayo, ngunit ito ay may malaking papel sa pagkamit ng malalaking mga bagay.

Sa parehong paraan mayroong ilang mga bagay sa iyong buhay, na tinatawag mong silang maliliit na kasalanan, o maliliit na pagkakamali ngunit ito ay ang mga panghahawakan ng diyablo upang umakyat sayo at maghatid ng pagkawasak at kaguluhan sa iyong buhay, sinabi ni Jesus, "Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito." (Juan 10:10) Ang magnanakaw ay ang diablo at gagamitn ang isa o higit pa ng sumusunod na tinatawag mong maliliit na kasalanan o maliliit na pagkakamali sa iyong buhay upang sirain ka.

1. Kasinungalingan: "Kayo'y mangagalit at huwag kayong mangakasala: huwag lumubog ang araw sa inyong galit."(Epeso 4:26) Ang pagsasabi ng kasinungalingan ay isa sa mga bagay na ang Diablo ay nagagalak na gamitin. Ang Diablo ay sinungaling at sa Bibliya ang tawag ay ang ama ng mga sinungaling, "Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito." (Juan 8:44) Hindi pagsasabi ng katotohanan at hindi tinutugunan nang malinaw ang isyu ngunit sa hindi malinaw na paraan na nagawa ng diablo na yumabong at magdulot sa iyo ng mas maraming pinsala. Kung ang ilan ay gumagawa ng mali, hindi mo kailangang sabihin at magpanggap na lahat ng mga bagay ay mabuti. Dapat kang magsalita ng malinaw na ang sumusunod na mga usapin ay mali at kailangang maitama.

2. Galit: "Kayo'y mangagalit at huwag kayong mangakasala: huwag lumubog ang araw sa inyong galit." (Epeso 4:26) Ang galit ay isa pang panghahawakan ng diablo upang sirain iyong buhay. Ang galit ay nakakaapekto sa iyong katawan na nagsasanhi ng hypertension at sakit sa puso. Ang galit ay makagawa sayo na magisip at magsalita ng masama at iyon ay magdudulot sayo upang lumaban at makasira ng mga kaugnayan sa mga taong nasa paligid mo. Ang ilang mga tao sa daan sila ay galit at sa patuloy na paghihirap at paglaban sa mga tao na nasa paligid nila, ngunit hindi ito ang buhay na itinalaga ng Diyos para sa atin, "20 Sapagka't ang galit ng tao ay hindi gumagawa ng katuwiran ng Dios." (Santiago 1:20) Huwag mong isipin ito ay normal na ikaw ay nasa patuloy na paglaban at pagtatalo sa mga tao na nasa paligid mo. Kahit na sila ay hindi mabuti , ang iyong galit ay hindi solusyon para sa kaguluhan bagkus ito ay ang dahilan para sa mga bagay upang maging mas masahol pa sa iyong buhay.

3. Pagnanakaw: "28 Ang nagnanakaw ay huwag nang magnakaw pa: bagkus magpagal, na igawa ang kaniyang mga kamay ng mabuting bagay, upang siya'y may maibigay sa nangangailangan." (Epeso 4:28) Ang pagnanakaw ay pagkuha ng anumang bagay na hindi sayo ng walang paalam. Sa pagnanakaw ikaw ay nagiging kabahagi ng demonyo. Maliit o malaking bagay na iyong kinukuha ng walang paalam ay pagnanakaw. Maaring mawala ang iyong trabaho at ang iyong reputasyon sa pagnanakaw. Ang ilang mga tao sila'y kumukuha dahil kailangan nila ngunit matatanggap din nila ang kabayaran noon. "30 Hindi hinahamak ng mga tao ang magnanakaw kung siya'y nagnanakaw, upang busugin siya pagka siya'y gutom: 31 Nguni't kung siya'y masumpungan, isasauli niyang makapito; kaniyang ibibigay ang lahat na laman ng kaniyang bahay."(Kawikaan 6:30-31)

4. Katamaran: "14 At pagaralan din naman ng ating mga tao na manatili sa mabubuting gawa sa kagamitang kailangan, upang huwag mawalan ng bunga." (Tito 3:14) Ang katamaran ay isang panghahawakan ng diablo na pumasok at sirain ang buhay. Ang mga tao sa tiyak na panahon ay nagnanakaw sapagka't sila ay tamad at ayaw magtrabaho. Sila ay umaasa sa pagsisikap ng iba para sa kanilang ikabubuhay at ito ay hindi tama, na nanamantala. "10 Sapagka't noon pa mang kami ay kasama ninyo, ay aming iniutos ito sa inyo, Kung ang sinoman ay ayaw gumawa, ay huwag din namang kumain." (Tesalonica 3:10)

5. Hindi magandang usapin: "29 Anomang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi ang mabuting ikatitibay ayon sa pangangailangan, upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig." (Epeso 4:29) Pagmasdang mabuti kung ano iyong sinasabi. Ang paraan na ginagamit mo ang iyong dila ay maghahatid sayo ng kaguluhan, na ating mababasa sa Kawikaan 18:6 "6 Ang mga labi ng mangmang ay nanasok sa pagkakaalit, at tinatawag ng kaniyang bibig ang mga hampas." Mga tsismis, sinungaling, paninirang puri, paggawa ng kwento, mga biro, at masamang salita lahat ay hindi magandang usapin; ang diablo ay gagamitin sa kung ano iyong sinabi na maghahatid sayo ng kaguluhan. O ang iyong pagsasalita ay maghahatid sayo ng pagpapala gaya ng mababasa natin dito: "20 Ang tiyan ng tao ay mabubusog ng bunga ng kaniyang bibig; sa bunga ng kaniyang mga labi ay masisiyahan siya." (Kawikaan 18:20)

6. Pagdadalamhati ng Banal na Espiritu: "30 At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos." (Epeso 4:30) Ang sandali na natanggap mo si Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon sa iyong buhay tinatakan kana ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay nabubuhay nq sayo at kasama mo, at mamimighati za oras na

gumawa ka ng kasalanan laban sa Diyos. Kapag nanonood ka ng TV at hindi ka nanalangin at hindi ka nagbabasa ng Bibliya, kapag ikaw ay nakikipagaway, nagnakaw, kapag hindi ka nagiingat tungkol sa Diyos at sa Kanyang gawain, pagpunta sa kasiyahan, kasama ng mga kaibigan, paggawa ng immoralidad, paginom ng alcohol, pagsasalita ng mga masasamang bagay, o anumang huwaran ng mundo, pagibi g sa sanglibutan; itong lahat ay katulag ng pighati ng Banal na Espiritu at at madaling kapitan ng atake ng diablo.

7. Kapaitan: "31 Ang lahat ng kapaitan, at kagalitan, at pagkakaalit, at kadaldalan, at panglilibak, ay mangaalis nawa sa inyo, pati ng lah at ng masasamang akala:" (Epeso 4:31) Pagaalaga ng sama ng loob, galit, walang pagpapatawad at sinubukang na eksaktong maghiganti sa mga taong nakasakit sayo na gawin mas madaling kapitan na mahulog sa galit, pagaaway, paninirang-puri at masamang hangarin; at itong lahat ay panghahawakan ng diablo na magagamit niya upang saktan ka.

8. Pagmamaktol o pagbulong bulong: "10 Ni huwag din kayong mangagbulongbulungan, na gaya ng ilan sa kanila na nangagbulungan, at nangapahamak sa pamamagitan ng mga mangwawasak." (1 Corinto 10:10) Pagmamaktol o pagbulong bulong ay patuloy na pagrereklamo at pakikipagtalo laban sa mga tao, laban sa awtoridad at laban sa pangyayari ng buhay. Pagmamaktol ay kasalanan sapagka't sa wakas ito ay nakadirekta sa Diyos at hindi laban sa mga tao. Ang mga taong nagmamakatol sa iba ay dahil sa pera, pagkain, posisyon, kapangyarihan, atbp. Ang mga taong walang kahandaan upang tanggapin at upang sumunod sa kalooban ng Diyos at dahilan para sa kanila upang magmaktol laban sa isa't isa. Ngunit ito ay kasalanan na maghahatid ng poot ng Diyos at galit sa kanila. "9 Huwag kayong mangagupasalaan, mga kapatid, laban sa isa't isa, upang kayo'y huwag mahatulan; narito, ang hukom ay nakatayo sa harapan ng mga pinto." (Santiago 5:9) Samakatuwid, "14 Gawin ninyo ang lahat ng mga bagay na walang mga bulungbulong at pagtatalo: 15 Upang kayo'y maging walang sala at walang malay, mga anak ng Dios na walang dungis sa gitna ng isang lahing liko at masama, na sa gitna nila'y lumiliwanag kayong tulad sa mga ilaw sa sanglibutan" (Filipos 2:14-15)

9. Ang pagmamahal sa salapi: Hindi mali o kasalanan na magkaroon ng pera, ngunit ang pagmamahal sa salapi ay kasalanan at magdadala sayo sa mga panganib, "6 Datapuwa't ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking kapakinabangan: 7 Sapagka't wala tayong dinalang anoman sa sanglibutan, at wala rin naman tayong mailalabas na anoman; 8 Nguni't kung tayo'y may pagkain at pananamit ay masisiyahan na tayo doon. 9 Datapuwa't ang mga nagsisipagnasang yumaman, ay nangahuhulog sa tukso at sa silo at sa maraming mga pitang hangal at nakasasama, na siyang naglulubog sa mga tao sa kapahamakan at kamatayan. 10 Sapagka't ang pagibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na sa pagnanasa ng iba ay nangasinsay sa pananampalataya, at tinuhog ang kanilang sarili ng maraming mga kalumbayan." (1 Timoteo 6:6-10) Upang maging kontento sa anong mayroon ka ay maghahatid sayo ng mga biyaya at kapayapaan sa iyong buhay, at maglalayo sayo ng kapahamakan at mahuhulog sa mapanganib na sitwasyon. “10 Siyang umiibig sa pilak ay hindi masisiyahan sa pilak; o siya mang umiibig sa kasaganaan ng pakinabang: ito man ay walang kabuluhan. 11 Pagka ang mga pag-aari ay nagsisidami, ay nagsisidami silang nagsisikain ng mga yaon: at anong pakinabang mayroon ang may-ari niyaon, kundi ang mamasdan ng kaniyang mga mata?" (Panaghoy 5:10-11) Sa gayon, "5 Mangilag kayo sa pagibig sa salapi; mangagkasiya kayo sa inyong tinatangkilik: sapagka't siya rin ang nagsabi, Sa anomang paraan ay hindi kita papagkukulangin, sa anomang paraan ni hindi kita pababayaan." (Hebreo 13:5) Hindi ka iiwan ng Diyos nang hindi naiibigay ang iyong mga pangangailangan.

10. Pagiimbut, inggit at paninibuhgo: "17 Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang kaniyang aliping lalake o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa." (Exodu 20:17) Ang pagiimbut ay inaasam na magkaroon ng mga bagay ng iba, ang pagiimbut alinman humantong sa iyo upang samantalahin o upang magnakaw, o upang gumawa ng maling mga bagay upang makuha ang anomang pagaari ng iba. Ngunit sa halip tumingin kay Jesus at maging masaya sa anong mayroon ka at Siya ay magliliwanag sa iyong buhay at pagpapalain ka Niya.
"5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man."(Awit 34:5)

11. Pagnanasa: Ang sekswal na immoralidad ay magdadala sa iyo sa immoralidad. "27 Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya: 28 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala, na ng pangangalunya sa kaniyang puso." (Mateo 5:27-28) Ganon din masdan na ang panonood ng ponograpiya ay pagnanasa at immoralidad.

12. Mga Kaibigan: "33 Huwag kayong padaya: Ang masasamang kasama ay sumisira ng magagandang ugali." (1 Corinto 15:33) Kailangan mong maging magkaroon ng kamalayan sa iyong kaugnayan sa mga tao. Tungkol sa mga taong kasama mo sa lugar ng iyong trabaho o sa mga taong kasama mo sa pagaaral, kailangan mong limitahan ang iyong kaugnayan sa kanila, maging limitado lamang sa malasakit ng kinasasakupan. Ngunit pagkatapos ng trabaho at pagaaral, ang iyong pakikisama ay dapat sa iyong pamilya at mga kapatid ng simbahan.

13. Pagiinom at Katakawan: Pagkain ng marami paginom ng alak, pagkain ng matataba ay magdadala sayo sa kahirapan. "21 Sapagka't ang manglalasing at ang mayamo ay darating sa karalitaan: at ang antok ay magbibihis sa tao ng pagkapulubi." (Kawikaan 23:21) "17 Ang umiibig ng kalayawan ay magiging dukha: ang umiibig sa alak at langis ay hindi yayaman." (Kawikaan 21:17) Ganon din gaya ng paginom ng alak at pagkain ng marami ay magdadala sayo sa karamdaman at makakaapekto sa kalusugan ng iyong katawan.

Ang lahat ng itong nasa itaas na mga panghahawakan at mga kasalanan ay mapanganib para sayo at ang daan para sayo upang masira ng diablo. Sa ganitong kadahilanan ang mensaheng ito na iyong narinig ay tutulong sayo upang umalis mula sa lahat ng iyon at maging handa upang sumunod sa tulong ng Diyos at mga pagpapala bilang handa na sumunod sa sumusunod na mga hakbang upang alisin ang mga pinanghahawakan ng Diablo sa iyong buhay.

A. Kilalanin ang mga pinanghahawakan ng diablo sa iyong buhay: Mayroon kang listahan sa itaas na ating nabanggit at iyon ang tutulong sayo na makita sila, sa karagadagan umupo kasama ng Diyos at sa Kanyang Salita at ipapakita Niya sayo ng malinaw ang ibang mga pinanghahawakan na hindi mo nakikita sa iyong buhay.

B. Aminin sila bilang kasalanan: Ang ilan tinatawag nila ang nasa itaas na mga maliliit na pagkakamali. Ngunit ito ay hindi tama sapagka't maliban na tanggapin mo silang kasalanan sa gayon ikaw ay hindi makakalaya mula sa gawain ng Diablo. Upang tanggapin sila bilang kasalanan ay napagtanto na kailangan mong magsisi at tumalikod mula sa kanila patungo sa Diyos.

C. Isulat sa isang maliit na papel ang lahat ng mga pinanghahawakan ng diablo sa iyong buhay at araw araw na iluhod sa paa ni Jesus at hilingin sa Kanya upang linisin ka mula sa kanila: Habang ikaw ay araw-araw na nananalangin at hinihiling sa Panginoon upang alisin ang mga pinanghahawakang ito sa iyong buhay sa gayon makikita mo pagkatapos ng ilang sandali na ikaw ay nakalaya na mula sa maraming pinanghahawakan na ipinapanalangin mo at hinihiling sa Diyos upang alisin mula sayo.

D. Disiplinahin ang iyong sarili: Pumunta sa mahigpit na pagsasanay at ilagay sa iyong katawan ang pagsupil. "24 Hindi baga ninyo nalalaman na ang mga nagsisitakbo sa takbuhan ay tumatakbong lahat, nguni't iisa lamang ang tumatanggap ng ganting-pala? Magsitakbo kayo ng gayon; upang magsipagtamo kayo. 25 At ang bawa't tao na nakikipaglaban sa mga palaruan ay mapagpigil sa lahat ng mga bagay. Ginagawa nga nila ito upang magsipagtamo ng isang putong na may pagkasira; nguni't tayo'y niyaong walang pagkasira. 26 Ako nga'y tumatakbo sa ganitong paraan, na hindi gaya ng nagsasapalaran; sa ganito rin ako'y sumusuntok, na hindi gaya ng sumusuntok sa hangin: 27 Nguni't hinahampas ko ang aking katawan, at aking sinusupil: baka sakaling sa anomang paraan, pagkapangaral ko sa iba, ay ako rin ay itakuwil." (1 Corinto 9:24-27) Gawin ang iyong pinakamahusay doon. Putulin ang lahat na maaaring magsindi ng kasalanan at magdala sa iyo sa tukso na hindi mo kayang labanan.

E. Baguhin ang kapaligiran o ang mga tao na nakikiugnay sayo. Putulin at iwasan ang mga kaibigan, imbitasyon sa mga kasiyahan, Facebook, TV, u tube at lahat na maaaring makapinsala sayo upang
malantad sa kasalanan.

F. Humingi ng tulong mula kay Jesus: "18 Palibhasa'y nagbata siya sa pagkatukso, siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso." (Hebreo 2:18) Magpatuloy na magbasa at magnilay sa Kanyang Salita at patuloy na manalangin sa Kanya upang tulungan ka at palayain ka mula sa mga pagkaalipin na ito.

G. Lumapit sa mga namumuno ng simbahan at buksan ang iyong buhay: "16 Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang kayo'y magsigaling. Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid." (Santiago 5:16) Kami bilang mga namumuno ng simbahan higit pa aa kagustuhang upuan ka at kausapin ka kung naisn mong buksan ang iyong buhay at tanggapin ang payo mula sa amin.

Sa aking mahal at minamahal: "8 Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya: 9 Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan." (1 Pedro 5:8-9) Huwag sabihin ang tungkol sa iyong mga kasalanan ay maliliit na pagkakamali, ito ay ang dahilan sayo upang maghirap. Ito ang oras para sayo upang gumising, upang magsisi, at gumawa kasama ng Diyos upang maging malinis mula sa mga kasalanang ito at mga pinanghahawakan ng diablo: pagsisinungaling, galit, paguumit, katamaran, hindi magandang usapin, paninirang puri, paggawa ng mga kwento, pagdalamhati ng Banal na Espiritu, kapaitan, pagbulong bulong, ang pagibig sa salapi, pagsasamantala, pagiimbut, inggit, paninibugho, pagnanasa, mga kaibigan, panonood ng TV, u tube, Facebook, ponograpiya, pagkain ng marami, paginom ng alcohol, atbp.

Bilang ipinapakumbaba mo ang iyong sarili sa harapan ng Diyos, hilingin sa Kanya na ipahayag sayo ang iyong mga kasalanan at mga pagkukulang, sa gayon ang Panginoon ay ipapakita sayo at hahayaang makita mo ang iyong mga kasalanan sa paraan na ang Diyos ay nakikita sila upang ikaw ay magsisi.

Ang sumusunod ay ang boud ng mga hakbang na maari mong gamitin upang alisin ang mga pinanghahawakan ng diablo sa iyong buhay.

A. Kilalanin ang mga pinanghahawakan ng diablo sa iyong buhay:
B. Aminin sila bilang kasalanan:
C. Isulat sa isang maliit na papel ang lahat ng mga pinanghahawakan ng diablo sa iyong buhay at araw-araw na lumuhod sa paa ni Jesus at hilingin sa kanya na linisan ka mula doon:
D. Disiplinahin ang iyong sarili sa pagputol ng lahat na maaaring makapagsindi ng kasalanan at maghatid sayo sa tukso na hindi mo kayang labanan:
E. Baguhin ang kapaligiran o ang mga taong nakikipagugnay sa iyo:
F. Hingin ang tulong mula kay Jesus:
G. Lumapit sa mga namumuno ng simbahan at buksan ang iyong buhay upang matulungan ka upang makaalis mula sa ganoong mga kaguluhan:

Itong mensahe ay upang tulungan kang umalis mula sa lahat ng iyan at maihanda ka upang sumunod sa Diyos at tanggapin ang Kanyang mga pagpapala habang handa kang sumunod.

Tayo ay manalangin:

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ng anak mong si Jesu-Cristo na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon, salamat sa pagpapahayag ng iyong Salita sa akin at at lalo na sa mga kasalanang hindi ko nalalaman.

Ipahayag at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan at lahat ng mga pinanghahawakan ng diablo sa iyong buhay.

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran at talikuran ang kasinungalingan, galit, pagnanakaw, katamaran, hindi mabuting usapin, tsismis, mga biro, paninirang puri, paggawa ng mga kwento, pagdalamhati ng Banal na Espiritu, kapaitan, pagmamaktol, ang pagibig sa salapi, pagsasamantala, pagiimbut, inggit, paninibugho, pagnanasa, mga kaibigan, panonood ng TV, u tube, Facebook, ponograpiya, pagkain ng marami, paginom ng alcohol, atibp.

Panginoon bigyan mo ako ng direksyon at ng daan palabas ng mga kasalanang ito. Panginoon nakikiusap na linisin ako mula sa sumusunod na mga pinanghahawakan at bigyan ako ng direksyon at ang daan palabas sa lahat ng mga kasalanang ito. Panginoon tunay na kailangan ko ang iyong tulong, dinggin mo ang aking pagiyak at lumapit at ilabas mo ako mula sa putik ng kasalanan. talagang determinado ako Panginoon na sumunod sayo ng buong puso at upang malinis at upang maging marangal na sisidlan sa iyong kamay upang magamit para sa iyong kaluwalhatian.

Panginoon ipinapanalangin ko aking mga kapatid na mga lalaki at babae na nagsisi at tinalikdan ang kanilang mga kasalanan at ang mga pinanghahawakan ng diablo sa kanilang buhay. Muli Panginoon itayo sila sa katotohanan. Pamunuan mo upang sumunod sayo at lumakad sa iyong mga paraan. Bigyan mo sila Panginoon ng pagpipigil sa sarili at pagtitiyaga upang magpatuloy sa makipot na daan papunta sa buhay, at upang mabuhay sa kabanalan. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan, tulungan mo silang lumago at maging ganap sayo.

Panginoon ipinapanalangin ko din kami bilang isang simbahan na tulungan ang mga nasa ganoong pagkaalipin at kailangan nila ng paglaya mula sa ganoong mga kasalanan. Panginoon bigyan mo kami ng higit na pagtitiis, pagibig at kabutihan upang magpatuloy sa pag-abot ng mapagmahal na mga kamay sa mga nasa ganoong pagkaalipin hanggang sila'y ganap na lumaya.

Panginoon pagpalain at panatilihin ang aming simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, ibigay ang para sa amin upang magpatuloy maglingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon protektahan kami at iligtas kami sa kasakitan at mga kaguluhan. Panginoon bigyan mo pa kami ng higit ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa na magebanghelyo at upang abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, nanalangin kami na bigyan daan kami upang magtanim ng bagong mga pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at palayain kami sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:

1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com